Paglabas ng Impormasyon Tungkol sa Kliyente

Safe Harbors HMIS

MAHALAGA: Huwag magpasok sa HMIS ng personal na impormasyon na nagpapakilala sa taong: 1) nasa mga ahensiya ng DV o; 2) kasalukuyang tumatakas o nanganganib sa isang karahasan sa tahanan, karahasan sa pakikipagtipan, sekswal na pag-atake o pasubok na pagsubaybay. *Kung ito ay angkop sa iyo, TUMIGIL- Huwag pirmahan ang pormang ito.*

Ang ahensiyang ito ay lumalahok sa Sistema ng Pamamahala ng Impormasyon sa Walang-Bahay (Homeless Management Information System, HMIS) ng Safe Harbors sa pamamagitan ng pagtitipon ng impormasyon, sa paglipas ng panahon, tungkol sa mga katangian at mga pangangailangan ng serbisyo ng mga lalake, babae, at batang nakakaranas ng kawalan ng bahay.

Upang magkaloob ng mga pinakamabisang serbisyo sa paglipat ng mga tao mula sa kawalan ng bahay patungo sa permanenteng bahay, kailangan namin ng isang tumpak na bilang ng mga taong nakakaranas ng kawalan ng bahay sa County ng King. Upang matiyak na ang mga kliyente ay hindi nabibilang nang dalawang beses kung ang mga serbisyo ay ipinagkakaloob ng higit sa isang ahensiya, kailangan naming kumuha ng ilang personal na impormasyon. Sa partikular, kailangan namin ng**: pangalan, petsa ng kapanganakan, at huling permanenteng tirahan.** Maaari mo ring piliin na ibigay ang iyong numero ng seguridad sosyal (social security number), pero ang pagpirma sa pormang ito ay hindi nag-aatas sa iyo na gawin ito. Ang iyong impormasyon ay pananatilihin sa aming tipunan ng mga datos ng hanggang 7 taon.

- Babantayan namin ang impormasyong ito nang may mahihigpit na patakaran sa seguridad upang protektahan ang iyong pagkapribado. Ang aming sistema ng kompiyuter ay lubos na ligtas at gumagamit ng mga napapanahong katangian sa pagprotekta na tulad ng pagtatago sa ibang anyo (encryption) ng mga datos, mga hudyat na salita (password), at mga pagsusuri ng pagkakakilanlan na iniaatas para sa bawat gumagamit ng sistema. May maliit na panganib ng pagkasira sa seguridad, at maaaring may makakuha at makagamit ng iyong impormasyon nang hindi angkop. Kung naghihinala ka na ang mga datos sa HMIS ay maling ginagamit, tawagan agad ang Tagapangasiwa ng Sistema ng HMIS sa (206) 233-7081.

- Ang mga datos na ibibigay mo ay isasama sa mga datos mula sa Kagawaran ng mga Serbisyong Panlipunan at Pangkalusugan (Department of Social and Health Services, DSHS) para sa higit pang pagsusuri. Ang iyong pangalan at ibang mga nagpapakilalang impormasyon ay hindi isasama sa anumang mga ulat o paglalathala. Isang limitadong bilang lamang ng mga mga tauhan sa sangay ng pananaliksik na pumirma ng mga kasunduan sa pagkakompidensiyal ang maaaring makakita ng impormasyong ito.

- Ang iyong desisyon na lumahok sa HMIS ay hindi makakaapekto sa kalidad o bilang ng mga serbisyo na nararapat na matanggap mo mula sa ahensiyang ito, at hindi gagamitin upang ipagkait ang pakikipag-ugnayan, kanlungan o pabahay. Gayunman, kung pinili mong lumahok, ang mga serbisyo sa rehiyon ay maaaring bumuti kung kami ay may tumpak na impormasyon tungkol sa mga taong walang bahay at ang mga serbisyong kailangan nila.

☐ **Ipinahihintulot ko (at naiintindihan ko na maaari kong bawiin ang aking pahintulot kahit kailan) sa pagsama ng personal na impormasyon sa HMIS tungkol sa akin at sa sinumang nakadependeng nakalista sa ibaba at ipinahihintulot na ang natipong impormasyon ay ibahagi sa mga kasanggang ahensiya. Naiintindihan ko na ang aking personal na impormasyon ay hindi isisiwalat sa publiko at gagamitin lamang kung may mahigpit na pagkokompidensiyal.**

☐ **HINDI ko ipinahihintulot ang pagsama ng personal na impormasyon sa HMIS tungkol sa akin at sa sinumang nakadependeng nakalista sa ibaba.**

Mga nakadependeng bata na wala pang 18 taong gulang sa sambahayan, kung mayroon (Mangyaring ilimbag ang unang pangalan at apelyido):

PIRMA NG KLIYENTE (MAGULANG/TAGAPAG-ALAGA)PETSA

PANGALAN NG KLIYENTE	PETSA NG KAPANGANAKAN	PANGALAN NG TAUHAN